


# Benepisyo at Serbisyo para sa mga Nakatatanda

(Benefits and Services for Seniors)



Legal  
Services  
Society

British Columbia  
[www.lss.bc.ca](http://www.lss.bc.ca)



© 2001, 2007 Legal Services Society, BC

Unang edisyon: 2001

Ikaapat na edisyon: 2007

## Pasasalamat

May-akda: Joan Acosta, June Dragman, Michael Szasz

Editor: Olivia Kienzel

Taga-disenyo: Denise Tremblay

Tagasalin: Cristina Nery

Taga-repaso ukol sa batas: Patricia McDonald, Alison Ward

Tagapamahala ng proyekto: Eduardo Aragón

Tagapamahala ng paglalathala: Candice Lee

Ang aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin nang maramihan upang ipagbili, ngunit hinihikayat ang pagpapakopya nito para sa ibang layunin.

Ang *Benepisyo at Serbisyo para sa mga Nakatatanda (Benefits and Services for Seniors)* ay isang paglalathala ng *Legal Services Society (LSS)*, isang organisasyong hindi bahagi ng gobyerno, na nagbibigay ng tulong na legal sa mga residente ng British Columbia na hindi gaanong nakaririwasa sa buhay. Ang pangunahing tagatustos ng LSS ay ang gobyerno ng probinsiya. Tumatanggap din ito ng tulong mula sa *Law Foundation* at sa *Notary Foundation*.

Ang *Benepisyo at Serbisyo para sa mga Nakatatanda (Benefits and Services for Seniors)* ay nakabatay sa aklat ng LSS na pinamagatang *When I'm 64: A Guide to Benefits and Services for People Aged 60 and Over (Kapag Ako ay 64 Na: Gabay ukol sa mga Benepisyo at Serbisyo para sa mga May Edad na 60 at Pataas)*.

**Ipinapaliwanag sa aklat na ito ang batas sa pangkalahatan. Hindi layunin ng aklat na ito ang magbigay ng payong legal tungkol sa iyong partikular na suliranin. Sapagkat iba-iba ang sitwasyon ng bawat isa, kakailanganin mo pa rin ang tulong na legal. Ang impormasyong matatagpuan sa aklat na ito ay angkop at napapanahon hanggang Enero 2007.**

### Library and Archives Canada Cataloguing in Publication Data

Acosta, Joan.

Benepisyo at serbisyo para sa mga nakatatanda (Benefits and services for seniors) [electronic resource]

Tagalog ed.

"May-akda: Joan Acosta, June Dragman, Michael Szasz. Editor: Olivia Kienzel."—Acknowledgements.

Available on the Internet.

Also issued in various other language eds.

Issued also in print form.

ISBN 978-0-7726-5955-2

1. Older people - Services for - British Columbia.

2. Old age assistance - British Columbia. 3. Old age assistance - Canada. I. Dragman, June. II. Szasz, Michael. III. Kienzel, Olivia. IV. Legal Services Society of British Columbia. V. Title. VI. Title: Benefits and services for seniors.

HV1475.B7A22 2008

362.6'309711

C2008-960062-2

# Nilalaman

(Table of Contents)

---

<b>Panimula</b> . . . . .	1
Mga manggagawa sa komunidad . . . . .	1
Karapatang mag-apila . . . . .	2
<b>Alagang Pangkalusugan</b> . . . . .	2
Ang <i>Medical Services Plan</i> . . . . .	2
Ang <i>gold CareCard</i> . . . . .	3
Ang <i>PharmaCare</i> . . . . .	3
Alagang pangkalusugan sa sariling tahanan . . . . .	3
Iba pang tulong pangkalusugan . . . . .	4
<b>Mga Programang Paniguro sa Kita</b> . . . . .	5
Mga programang Paniguro para sa mga <i>Seniors</i> . . . . .	5
Pensiyon para sa mga <i>Seniors</i> . . . . .	5
Garantisadong Karagdagang Kita . . . . .	6
Sustento . . . . .	6
Sustento para sa Asawang Nabubuhay Pa. . . . .	7
Ang <i>Canada Pension Plan</i> . . . . .	7
Tulong na kita/ <i>welfare</i> . . . . .	8
Karagdagang Tulong para sa mga <i>Senior</i> . . . . .	9
Paniguro sa Trabaho/kawalan ng trabaho . . . . .	10
<b>Pabahay</b> . . . . .	11
Tulong sa mga nangungupahan. . . . .	11
Tulong sa mga nagmamay-ari ng tahanan. . . . .	12
Ang <i>homeowner's grant</i> at ang <i>additional grant</i> . . . . .	12
Palugid na panahon o ekstensiyon para sa pagbayad ng mga <i>property tax</i> . . . . .	13
Pagpapaganda o pagpapa-ayos ng bahay . . . . .	13
Mga kasunduan ukol sa pangangalaga . . . . .	13
Ang <i>reverse mortgage</i> . . . . .	14

<b>Transportasyon</b> . . . . .	14
Ang <i>Bus Pass Program</i> . . . . .	14
Ang <i>HandyDART</i> . . . . .	14
Ang Serbisyong Hatid-Pagkain . . . . .	15
<b>Paghahanda para sa Kinabukasan</b> . . . . .	15
Pakikipagkasunduan . . . . .	15
Pagtatapos ng mga kasunduan. . . . .	16
Mga huling testamento . . . . .	16
<b>Proteksiyon laban sa Pang-aabuso</b> . . . . .	17
Paghingi ng tulong. . . . .	17
Pagtulong sa iba . . . . .	18
Mga karapatan at pansanggalang ng mamimili. . . . .	19
<b>Paghahanap ng Tagasalin</b> . . . . .	20
<b>Mapagkukuhanan ng Tulong</b> . . . . .	21
Alagang pangkalusugan . . . . .	21
Pabahay. . . . .	22
Pagdayo. . . . .	22
Paghahanda para sa kinabukasan. . . . .	22
Mga programang paniguro sa kita . . . . .	23
Proteksiyon laban sa pang-aabuso . . . . .	23
Transportasyon . . . . .	24
<b>Paghahanap ng Isang <i>Community Worker</i></b> . . . . .	25
<b>Paghahanap ng Tulong at Impormasyong</b>	
<b>Legal</b> . . . . .	26
<b>Talasalitaan</b> . . . . .	28

# Panimula

(Introduction)

Mayroong mga **benepisyo** at **serbisyo** ang gobyerno para makatulong sa iyo kung ikaw ay isang nakatatanda o *senior* (may edad na 60 at pataas).

Ang aklat na ito ay nagtataglay ng pangkalahatang impormasyon ukol sa ilang mga pinakamahalagang benepisyo at serbisyo. Isinulat ito para sa mga migrante (*immigrant*) sa Canada. Para sa mga taong matatas sa wikang Ingles, maaaring mas angkop ang aklat na *When I'm 64*, sapagkat nagtataglay ito ng mas maraming detalye ukol sa mga benepisyo at serbisyo para sa mga may edad na 60 at pataas. (Matatagpuan sa likod ng aklat na ito ang paraan ng pagkuha ng aklat na *When I'm 64*.)

Kung mahirap para iyo ang magsalita o sumulat sa wikang Ingles (partikular sa pagsagot ng iba't ibang mga *form*), maaari kang magpasama sa isang kaibigan o sa isang manggagawa sa komunidad (*community worker*) sa iyong pagdulog sa nauukol na tanggapan para sa mga benepisyong ito.

## Paalala:

Mapapansin sa loob ng aklat na ito na ang pangalan ng mga programa ng gobyerno o mga salitang maaaring lingid sa iyo ang kahulugan ay nakasulat ng **may diin**. Matatagpuan sa pahina 28 ang kahulugan ng mga salitang ito.

## Mga manggagawa sa komunidad

(Community workers)

Ang mga manggagawa sa komunidad (*community worker*) ay mga taong makakatulong sa iyo sa pangangalap ng impormasyon tungkol sa mga benepisyo at serbisyo. Sila ay naglilingkod sa komunidad o di kaya'y sa mga tanggapang naglalayong makatulong (*non-profit agencies*), at sila ay nakapagsasalita ng wikang Tagalog. Makakatulong din sila sakaling ikaw ay mapagkaitan ng benepisyo at serbisyo. Mayroong mga *community worker* sa halos lahat ng bahagi ng British Columbia. Tumingin sa pahina 25 kung nais mong makahanap ng isang *community worker*.

## Paalala:

Para sa karagdagang impormasyon patungkol sa paghahanap ng isang **tagasalin** (*interpreter* o isang taong maaaring tumulong sa iyo upang makipagtalastasan sa wikang Ingles), tumingin sa pahina 20.

## Karapatang mag-apila

(Your right to appeal)

Mayroon kang karapatang mag-apila ukol sa ano mang desisyon ng mga *government worker*. Kung gayon, maaari mong isangguni sa iba ang iyong kaso o kalagayan kung sakaling hindi mo matanggap ang mga benepisyong sa iyong paniniwala ay karapat-dapat sa iyo.

## Alagang Pangkalusugan

(Healthcare)

Ang British Columbia ay maraming mga programa para sa alagang pangkalusugan, at maaari kang dumulog sa alin sa mga ito.

### Ang *Medical Services Plan*

Ang programang pamprubinsiya na nagbibigay ng kasiguruhang pangkalusugan o *health insurance* ay ang *Medical Services Plan* (MSP). Ang lahat ng residente ng British Columbia ay kinakailangang lumahok sa programang ito.

Lumahok agad sa MSP kung ikaw ay bagong residente ng probinsiya. (May kaukulang panahon bago matingnan ng gobyerno ang iyong aplikasyon.)

Maari mong makuha ang iyong MSP matapos maghintay ng:

- katapusan ng buwan ng iyong pagdating sa probinsiya, at
- karagdagang dalawang buwan pa.

Kinakailangang kumuha ng *medical insurance* sa isang pribadong kompanya habang hinihintay ang MSP.

Pagdating ng kaukulang panahon, ang *Medical Services Plan* ang magbabayad ng mga sumusunod:

- ang buong halaga ng mga serbisyo ng karamihan ng mga doktor at siruhano (*surgeon*)
- operasyong *dental* (o may kinalaman sa ngipin) na isinagawa sa isang ospital
- bahagi ng halaga ng iba pang mga serbisyo

Maaaring tawagan ang MSP para malaman kung babayaran nito ang isang partikular na serbisyo, lalo na kung ito ay may malaking halaga, *bago pa man* ipagawa ang serbisyonang ito.

Kinakailangang magbigay ng buwanang bayad sa MSP. Maaari kang makakuha ng tulong para sa kabayaranang ito kung:

- maliit ang iyong **kita**,
- isa kang *Canadian citizen* o **permanenteng residente** (*permanent resident*) ng Canada, at
- isa kang residente ng Canada sa loob ng nakaraang 12 na buwan.

Para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa MSP, tumingin sa pahina 21.

### **Ang gold CareCard**

Karapatan mong makakuha ng *gold CareCard*, kahit hindi mo hinihingi ito, kung ikaw ay my edad na 65 at pataas at may MSP *insurance*. Gamitin ang *gold CareCard* na ito sa pagpapagamot o sa pagbili ng gamot. Kung hindi mo natanggap ang iyong *gold CareCard*, tumawag sa *Medical Services Plan* para hingiin ito. Tumingin sa pahina 21 para sa *telephone number*.

Maaari ring gamitin ang *gold CareCard* bilang patunay na ikaw ay isang senior na residente ng British Columbia.

### **Ang PharmaCare**

Ang *PharmaCare* ay isang pamprubinsiyang programa ng gobyerno na naglalayong makatulong sa gastusin sa mga gamot na may preskripsiyon o *prescription*. (Ito ay kilala rin sa tawag na *Fair PharmaCare*.) Hindi binabayaran ng programang ito ang mga gamot na walang preskripsiyon (*non-prescription drugs*) o mga bitamina.

Ang bahagi ng gastos sa mga preskripsiyon na kinakailangang mong bayaran ay depende sa laki ng kita. Habang lumiliit ang kita, lumalaki naman ang bahagi ng gastos na babayaran ng gobyerno.

Para makakuha ng *PharmaCare*, kinakailangang:

- mayroon kang *CareCard*,
- mayroon kang patunay ng iyong kita, at
- **magpalista** (*register o sign up*).

Susuriin ng *PharmaCare* ang iyong mga *income tax return* sa nakaraang dalawang taon para malaman ang halaga na iyong kinita. Makakalahok ka rin sa programa kahit na bago ka pa lamang sa Canada at wala pang *income tax return*, ngunit may mga ilan pang karagdagang hakbang sa proseso. Tumawag sa *PharmaCare* sa numero sa pahina 21 para malaman kung ano pang karagdagang dokumento ang kinakailangan bilang patunay sa iyong kita.

### **Alagang pangkalusugan sa sariling tahanan**

(Healthcare at home)

Kung ikaw ay may malubhang karamdaman at kinakailangan mong manatili sa bahay, ang BC Kagawaran ng Kalusugan ng BC (*Ministry of Health*) ay maaaring magpadala ng mga taong titingin sa iyong kalusugan sa loob ng sarili mong tahanan.

Ang ilan sa mga serbisyong maaaring matanggap mo ay:

- *nursing care* sa iyong sariling tahanan

- *physical therapy* (tinatawag ding *physiotherapy*)
- mga *home support worker* (mga taong tumutulong sa pagpapaligo, pagpapakain at mga gawaing-bahay)
- pangangalaga mula sa mga *adult day centres* (mga lugar kung saan ang mga *senior* na nangangailangan ng bantay o tulong ay maaaring magpalipas ng araw)
- pamalit sa nangangalaga o *respite care* (pagpapadala ng pamalit na tagapangalaga o relyebo, kung kinakailangang magpahinga o umalis pansamantala ang iyong *caregiver*)
- *residential care* (lugar kung saan maaari kang tumira at maalagaan kung hindi mo na kayang mapangalagaan ang iyong sarili sa bahay)
- *palliative care* (tulong at alagang pangkalusugan para sa isang taong nais pumanaw sa sariling tahanan)

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay may bayad na ang halaga ay depende sa iyong kita. Para makakuha ng mga serbisyong ito, kinakailangang ikaw ay:

- isang *Canadian citizen* o *permanent resident* ng Canada, at
- residente ng BC sa loob ng nakaraang 12 na buwan.

Para makuha ang mga serbisyong ito, tumawag sa *Health and Seniors' Information Line* (hanapin ang kanilang numero sa pahina 24)

at ipagtanong ang tanggapan sa inyong lugar. Magpapadala sila ng taga-suri (isang *assessor*) sa iyong tahanan para malaman ang iyong mga pangangailangan. Kung kinakailangan mo ng tulong, magtanong sa isang *community worker*.

## Iba pang tulong pangkalusugan

(Other healthcare help)

Mayroon ding mga ibang tanggapan na maaaring makapagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kalusugan. Ilang halimbawa ang *Arthritis Society*, *Canadian Diabetes Association*, at ang *Heart and Stroke Foundation*. Maaari ding makatulong ang mga tanggapang pang-*senior* o *seniors' centres*. Matatagpuan ang kinalang mga *telephone number* sa *phone book*.

Maaari ding tawagan ang *BC NurseLine* para makipag-usap sa isang *registered nurse* ano mang oras sa araw o gabi. Maaaring gumamit ng *interpreter* kung kinakailangan sa mga tawag na ito. Sa ganitong sitwasyon, sabihin lamang ang “Tagalog” sa iyong pagtawag at hintayin ang *interpreter*. Sa *NurseLine* na ito mayroon ding parmasyutika o *pharmacist* upang sagutin ang iyong mga katanungan mula alas 5:00 p.m. ng hapon hanggang alas 9:00 a.m. ng araw. Matatagpuan ang kanilang *telephone number* sa pahina 21.

# Mga Programang Paniguro sa Kita

(Income Security Programs)

May ilang programang paniguro sa kita o income security program para mga *senior* sa Canada.

Kabilang dito ang:

- *Old Age Security programs*
- **Canada Pension Plan (CPP)**

Kung maliit ang iyong kita o wala kang kinikita at dahil dito'y hindi mo makuha ang benepisyong ito, maaari kang kumuha ng **tulong sa kita** (*income assistance*) o tinatawag na *welfare*.

## Mga programang Paniguro para sa mga Seniors

(Old Age Security programs)

May mga benepisyo ang gobyerno ng Canada na partikular para sa seniors na tinatawag na *Old Age Security programs* (mga programang Paniguro para sa mga *Seniors*).

Kailangang **idulog** o mag-*apply* para hingin at makuha ang mga benepisyong ito. Nakasaad sa mga sumusunod ang mga detalye.

### Pensiyon para sa mga Seniors

(Old Age Security pension)

Maaari kang makakuha ng **Pensiyon para sa mga Seniors** (OAS o *Old Age Security pension*) kung ikaw ay:

- isang *Canadian citizen* o *permanent resident* sa Canada,
- may edad na 65 o pataas, at
- 10 taong (pinakamababa) naninirahan na sa Canada paglampas nang iyong edad na 18.

Ang halagang maaring matanggap mula sa pensiyong ito ay depende sa tagal ng paninirahan sa Canada. Matatanggap mo ang buong halaga kung ikaw ay nakapamalagi na dito sa Canada ng may 40 taon matapos ang edad na 18. Mas maliit naman ang halagang matatanggap kung mas maikli ang panahon ng paninirahan sa Canada.

Maaaring makatanggap ng OAS *pension* kahit na mayroon kang ibang pinagkukuhanan ng kita.

Sapagkat ang Pilipinas at Canada ay may kasunduang tinatawag na ***international social security agreement***, may paraan para makakuha ng pensyon kung kulang pa sa 10 taon ang iyong paninirahan sa Canada. Kinakailangang ikaw o ang iyong **asawa** ay nakapagtrabaho sa Pilipinas. Para sa karagdagang impormasyon at tulong na dapat abigay, kagawa ng mga benepisyo, makipagugnay sa *community worker*. (Tumingin sa pahina 25 kung nais mong makahanap ng isang *community worker*).

Kadalasan, maaaring ipadala sa iyo ang iyong OAS *pension* kahit saan sa mundo. Kinakailangan

lamang na ikaw ay nanirahan sa Canada ng may 20 taon (pinakamababa) matapos ang edad na 18.

Ang *Service Canada*, isang kagawaran ng gobyerno, ang siyang namamahala sa *Old Age Security program*. Para masagot ang iyong mga katanungan, tumingin sa pahina 23 para sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa kanila.

### **Ano ang isang asawa?**

(What is a spouse?)

Ang asawa ay:

- ang taong kaugnay sa iyo sa pamamagitan ng bisa ng legal na kasal, o
- ang kasama mong naninirahan sa iisang tahanan sa loob ng isang taon (pinakamababa) sa isang relasyong katulad din ng isang binibigyang bisa ng legal na kasal (ang taong ito ay maaaring katulad mo ng kasarian o *same-sex*).

## **Garantisadong Karagdagang Kita**

(Guaranteed Income Supplement)

Kung ikaw ay tumatanggap ng *OAS pension* at maliit ang iyong kita o wala kang ibang pinagkakakitaan, maaari ka pang makatanggap ng karagdagang kita. Ang karagdagang kita na ito ay tinatawag na **Garantisadong Karagdagang Kita** (*Guaranteed Income Supplement* o GIS). Habang lumiliit ang

iyong kita, lumalaki naman ang karagdagang kita na maaari mong matanggap. Kung ikaw ay may asawa, ang halagang tatanggapin ay depende sa kabuuang kita ninyong mag-asawa. Kinakailangang mag-*file* ng *income tax return* at dumulog o mag-*apply* taon-taon para makatanggap ng *Guaranteed Income Supplement*.

Kung ikaw ay tumatanggap ng GIS at titigil o maninirahan ka sa labas ng Canada, matatanggap mo pa rin ang benepisyong ito hanggang anim na buwan matapos kang umalis ng Canada. Paglampas ng anim na buwang pagtigil o paninirahan sa labas ng Canada, hindi ka na makatanggap ng GIS. Maaari mo itong idulog at hingiin muli sa iyong pagbalik sa Canada.

## **Sustento**

(Allowance)

Maaari ka ring makatanggap ng tinatawag na **Sustento** o *Allowance* (dati-rati'y tinatawag na sustento para sa asawa o *spouse's Allowance*). Ang benepisyong ito ay karagdagang kita para sa mga mag-asawang nabubuhay lamang sa *Old Age Security pension*. Maaari mong matanggap ang karagdagang benepisyong ito kung:

- ikaw ay may edad na 60 hanggang 64,
- ang iyong asawa ang may edad na 65 at pataas,
- ang iyong asawa at tumatanggap ng *OAS pension* at *Guaranteed Income Supplement*, at

- ang iyong asawa walang tinatanggap na OAS.

Maaari kang makatanggap ng *Allowance* hanggang makarating ka sa edad na 65, kung kalian maaari ka nang makatanggap ng sarili mong *OAS pension*.

### **Sustento para sa Asawang Nabubuhay Pa**

(Allowance for the Survivor)

Hindi kinakailangang nabubuhay ang iyong asawa para makatanggap ka ng Allowance. Mayroong benepisyong Sustento para Asawang Nabubuhay Pa (*Allowance for the Survivor*) para sa mga balo o pumanaw na ang asawa. Maaari mong matanggap ang benepisyong ito kung ikaw ay may edad na 60 hanggang 64, at ang iyong asawa ay makatatanggap sana ng *OAS pension* at *Guaranteed Income Supplement* kung siya ay nabubuhay pa.

Makipag-ugnayan sa *Service Canada* para sa iyong *Allowance* at *Allowance for the Survivor*. Hanapin ang kanilang telephone number sa pahina 23.

Kung mas maliit ang iyong kita, mas malaki ang halagang maaari mong matanggap. Kung lisanin mo ang Canada, matatanggap mo pa rin ang *Allowance* at *Allowance for the Survivor* hanggang anim na buwan matapos kang umalis ng bansa. Paglampas ng anim na buwang pagtigil o paninirahan sa labas ng Canada, hindi ka na makatatanggap nito. Maaari mo

itong idulog at hingiin ulit sa iyong pagbalik sa Canada.

### **Pagpapanatili ng iyong estado bilang permanenteng residente**

(Keeping your permanent resident status)

Kung ikaw ay isang permanenteng residente (*permanent resident*) at ikaw ay lumabas ng Canada, kinakailangan mong ipakita ang iyong *permanent resident card* para makabalik muli sa bansa.

Pagkaingatang hindi maglagi ng matagal sa labas ng Canada. Para mapanatili ang iyong estado bilang permanent resident, kinakailangang ikaw ay nasa loob ng bansa ng dalawa sa bawat lima taon. Para sa karadagang impormasyon, tumawag sa *Service Canada* (tumingin sa pahina 23 para sa kanilang *telephone number*). Maaari ding tumingin sa website ng ***Citizenship and Immigration Canada*** (CIC) sa [www.cic.gc.ca](http://www.cic.gc.ca) (ang impormasyon ay nasa wikang Ingles o Pranses).

### **Ang Canada Pension Plan**

Sa pag-retiro ng mga manggagawa sa Canada, makakatanggap sila ng *pension* mula sa gobyerno. Ang *Canada Pension Plan* (CPP) ay para sa lahat ng nakapagtrabaho sa Canada na nakapaghulog ng kontribusyon sa CPP. Ang benepisyong ito ay iba sa *OAS pension*.

Habang ikaw ay may trabaho at may suweldo o kita, kinakaltasan ng gobyerno ang iyong bawat suweldo at nilalagay ang halagang kinaltas sa *pension* na ito. Kung ikaw ay may sariling kabuhayan, nagbabayad ka pa rin sa CPP sa tuwing nagbabayad ka ng iyong buwis o *income tax*. Ang halagang iyong matatanggap sa pag-retiro ay depende sa tagal ng panahon na ikaw ay nagtrabaho at sa kontribusyon mo sa *Canada Pension Plan*.

Maaari mong idulog o *i-apply* na matanggap ang iyong CPP pagdating ng edad na 60. Ang pinakamataas na benepisyo ay matatanggap kung hihintayin mo ang edad na 70 bago mo idulog na matanggap ang iyong CPP.

Kinakailangang idulog at hingiin ang benepisyong CPP para matanggap ito. Maaaring ipadala sa iyo ang kabayaranang ito kahit saan sa mundo. Tumingin sa pahina 23 para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa *Canada Pension Plan*. Maaari ka ring tulungan ng mga community worker kung ikaw ay may problema sa CPP. (Tumingin sa pahina 25 kung nais mong makahanap ng isang *community worker*).

Kung ikaw ay may kapansanan at may edad na 60 hanggang 65, nararapat mong hingiin ang benepisyong *special* CPP sa halip na *regular* CPP. Sa gayon, pagdating mo sa edad na 65, kung kailan matatanggap mo na ang *regular* CPP, mas malaki ang halagang iyong matatanggap buwan-buwan.

## Tulong na kita/*welfare*

(Income assistance/*welfare*)

Maaari kang makatanggap ng tulong kung ikaw ay walang pantustos sa pagkain, tirahan, kasuotan at iba pang pangangailangan. Ang *Ministry of Employment and Income Assistance* ng probinsiya (tinatawag dito na *ministry*) ay maaaring makapagbigay ng tulong na kita (*income assistance* o *welfare*). Kung ikaw ay may kapansanan, maaari mong hingiin ang mga benepisyo para sa mga Taong may Kapansanan o *Persons with Disabilities Assistance* (tinatawag ding tulong sa may kapansanan o *disability assistance*).

Maaari kang tumanggap ng *welfare* kung:

- sinustentuhan mo ang iyong asawa at/o mga anak na menor de edad, na hindi tumatanggap ng mga benepisyo at maliit ang kita o walang kinikita, at
- ikaw ay may edad na 65 at pataas, at
- ikaw ay tumatanggap ng OAS *pension* at *Guaranteed Income Supplement*.

Kahit na hindi ka nakakatanggap ng OAS *pension* sa dahilang wala pa sa tamang katagalan ang iyong paninirahan sa Canada, maaari ka pa ring makatanggap ng *welfare*.

Sinusuri ng *ministry* ang iyong kita at mga pag-aari (*assets*) at saka sila nagpapasiya kung ikaw ay maaaring makatanggap ng *welfare*. Hindi kalakip sa pagsusuri ang

ilang pag-aari (halimbawa, kung pag-aari mo ang bahay na iyong tinitirahan, maaari ka pa ring makatanggap ng *welfare*).

Maaari kang makatanggap ng *welfare* kung ikaw ay isang:

- *Canadian citizen*,
- *permanent resident*, o
- *Convention refugee* o Taong Nangangailangan ng Proteksiyon (*Person in Need of Protection*) sa ilalim ng *Canada Immigration and Refugee Protection Act*.

Kung hindi ka maaaring tumanggap ng *welfare*, maaari mong subukang humingi ng tulong para sa panahon ng pahihirap o *hardship (emergency) assistance*.

Makipag-usap sa isang *community worker* bago humingi ng kahit na anong benepisyong *welfare*.

Ang halagang maaari mong matanggap ay depende sa iyong kita, pag-aari (*assets*), at gastos sa pabahay, tulad ng upa (*rent*). Kailangang dumulog sa kaukulang tanggapan para makatanggap ng *welfare*.

Para sa mga taong nagpunta dito sa Canada sa tulong ng mga kamag-anak na *sponsor*, ngunit hindi na tuluyang masustentuhan ng mga sponsor na ito, may karagdagang impormasyon tungkol dito sa aklat ng LSS na *Sponsorship Breakdown* (tumingin sa pahina 27 para sa paraan ng pagkuha ng aklat na ito).

## Karagdagang Tulong para sa mga Senior

(Senior's Supplement)

Dito sa British Columbia, maaaring makatanggap ng karagdagan pang benepisyong buwan-buwan na tinatawag na **Karagdagang Tulong para sa mga Senior** (*Senior's Supplement*). Ipinagkakaloob ng gobyerno ng probinsiya ang tulong na ito sa mga senior na kailangan ng mas malaking tulong upang matustusan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Maaari mong matanggap ang benepisyong ito kung ikaw ay:

- may edad na 65 at pataas,
- hindi tumatanggap ng *welfare*,
- tumatanggap ng *OAS pension* at *Guaranteed Income Supplement*, at
- naninirahan sa British Columbia.

Maaari ding makatanggap ng benepisyong ito ang mga may edad na 60 hanggang 64 at tumatanggap ng *Allowance*. Hindi kailangang dumulog sa kaukulang tanggapan para makatanggap ng *Senior's Supplement*. Tumawag sa *Senior's Supplement Line* para sa karagdagang impormasyon (tumingin sa pahina 23 para sa kanilang *telephone number*).

## Paniguro sa Trabaho/ kawalan ng trabaho

(Employment Insurance/unemployment)

Kung ikaw ay may edad na 65 at pataas at mawalan ng trabaho ngunit nais mo pa ring magtrabaho, maaari kang humingi ng mga benepisyong **Paniguro sa Trabaho** o *Employment Insurance* (EI). Minsan, tinatawag din itong benepisyong na kawalan ng trabaho o *unemployment*. Ang kagawaran ng gobyerno, na tinatawag na *Service Canada*, ang siyang namamahala sa programang ito.

Upang makatanggap ng *Employment Insurance*, kinakailangang ikaw ay handang magtrabahao at naghahanap ng trabaho. Kinakailangang ikaw din ay:

- nakapag-hulog ng bayad sa *Employment Insurance* habang ikaw ay may trabaho, at
- nakapagtrabaho ng takdang bilang ng oras sa loob ng isa taon bago ka nawalan ng trabaho.

Para malaman ang bilang ng oras na ikaw ay dapat na nakapagtrabaho, tumawag sa *Service Canada* (tumingin sa pahina 23 para sa kanilang *telephone number*). Maaari ka ring humingi ng tulong sa isang *community worker* kung kailangan. Tumingin sa pahina 25 kung nais mong makahanap ng isang *community worker*.

Kadalasan, hindi ka maaaring makatanggap ng benepisyong *Employment Insurance* kung ikaw ay kusang umalis sa iyong trabaho — maliban na lamang kung ikaw ay umalis sa mahalagang kadahilanan, kabilang na ang *discrimination* at *harassment*.

Makakakuha ng application form para sa *Employment Insurance* sa alin mang tanggapan ng *Service Canada*. Makakakuha din ng form na ito sa paraang online, sa *website* na [www.hrsdc.gc.ca](http://www.hrsdc.gc.ca). Tumawag sa *Service Canada* (tumingin sa pahina 23) at ipagtanong ang pinakamalapit nilang tanggapan.

Kailangan mo ang iyong:

- **Social Insurance Number** (SIN),
- *Record of Employment*, at
- paraan ng pagkilala sa sarili (*personal identification*) o *ID card*.

Maaari ka ring magdala ng isang *voided cheque* kung nais mong matanggap ang benepisyong ito sa paraang naka-deposito agad sa iyong bangko o *bank account*.

Ang iyong *Record of Employment* ay isang *form* na dapat ibigay sa iyo ng iyong amo, kung saan nilalahad o naka-*record* ang tagal ng panahon na ikaw ay nagtrabaho at ang halaga na iyong kinita. Kung ikaw ay may mas marami pa sa isang *Record of Employment*, ilakip ang lahat ng mga ito sa iyong aplikasyon.

Sa oras na mawalan ka ng trabaho, dapat na agarang idulog at

hingiin ang *Employment Insurance* — kahit na ikaw ay nakatanggap pa rin ng kabayaran mula sa iyong nakaraang amo nang ikaw ay umalis sa trabaho. Ito ay sapagkat kinakailangan pa ring maghintay ng dalawa linggo (pinakamababa) para matanggap ang benepisyong ito. Pag-uukulan pa ng panahon ng gobyerno ang pagsuri ng iyong aplikasyon.

Ang halagang iyong tatanggapin ay depende sa halaga ng kontribusyon mo sa *Employment Insurance* sa loob ng panahong ikaw ay may trabaho.

## Pabahay

(Housing)

---

Kung ikaw ay may edad na 55 at pataas, maaari kang makatanggap ng tulong sa gastusin sa pabahay, ikaw man ay nangungupahan o nagmamay-ari ng iyong sariling tahanan.

## Tulong sa mga nangungupahan

(Help for renters)

Ang *Seniors Services Society* (dating tinatawag na SHIP) ay isang libreng serbisyo na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pabahay, at pati na rin tungkol sa mga mapagkukuhanan ng tulong sa

inyong komunidad. Tumingin sa pahina 22 para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa kanila.

Ang *BC Housing* ay isang ahensiya ng gobyerno ng probinsiya na nakapagbibigay ng pabahay sa mababang halaga (*low-cost housing*) para sa mga *senior*. Kung ikaw ay may edad na 55 at pataas o di kaya'y may kapansanan, maaari kang magpalista para maghintay (*waiting list* o listahan ng mga nag-*apply* na) sa susunod na mabakanteng *apartment*. Unang nabibigyan ng pabahay ang pinakanangangailangan. Tumingin sa pahina 22 para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa kanila.

Ang *Shelter Aid for Elderly Renters (SAFER)* ay isang programa ng gobyerno na nagbibigay-tulong sa pagbayad ng upa.

Maaari kang makakuha ng SAFER kung:

- Ikaw ay may edad na 60 at pataas.
- Ikaw at ang iyong asawa ay naninirahan sa BC ng may isa taon (pinakamababa) bago mo hingiin ang benepisyong ito.
- Ikaw at ang iyong asawa ay maaaring isa sa mga sumusunod:
  - *Canadian citizen*, o
  - *permanent resident* ng Canada, o
  - *Convention refugee*.
- Ang upang iyong binabayaran ay higit sa 30 porsiyento ng iyong kabuuang kita bago kaltasan ng buwis.

Hindi ka maaaring makakuha ng SAFER kung:

- Ikaw ay dumayo (*immigrated*) sa Canada sa pamamagitan ng isang *sponsor*.
- Ikaw ay bahaginang may-ari (*part-owner*) ng iyong tahanan, o ikaw ay naninirahan sa *cooperative housing* kung saan ikaw ay *shareholder*. (Maaari kang makatanggap ng tulong kung ikaw ay nagmamay-ari ng isang *mobile home* at nagbabayad ng upa sa lupang kinatatayuan nito.)
- Ikaw ay nakatira sa isang *residential care home* na tinutustusan ng *Ministry of Health*, o sa pabahay na binabayaran ng gobyerno.
- Ikaw ay tumatanggap ng *welfare*.
- Ang iyong kita ay mas mataas sa nakatakdang halaga. (Tumawag sa SAFER para alamin ang mga tununin ukol sa kita. Tumingin sa pahina 22 para sa kanilang *telephone number*.)

Kakailanganin ang kopya ng iyong huling *income tax return* at patunay ng iyong kita (*proof of income*) para sa buwan bago mo ipadala ang iyong aplikasyon (halimbawa, ang iyong *cheque stub* o *pay slip*). Kailangang magpadala ng bagong aplikasyon sa SAFER taon-taon.

Tumingin sa pahina 22 para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa *BC Housing* para sa pabahay na tinutustusan ng gobyerno o di

kaya'y sa SAFER. Tutulong ang empleyado o *staff* ng *BC Housing* sa pagpuno ng iyong aplikasyon, ngunit maaaring sa wikang Ingles lamang nila kayang makipag-usap. Kung kailangan, magpasama sa kaibigan o sa isang *interpreter* sa iyong pagtawag o pagdulog sa kanilang tanggapan. Ang *application form* ay nasa wikang Ingles.

## **Tulong sa mga nagmamay-ari ng tahanan**

(Help for homeowners)

May ilang programang tumutulong sa mga nagmamay-ari ng kanilang tahanan ngunit nahihirapang tustusan ang gastusin sa pagpapayos ng bahay o pagbayad ng buwis (*property taxes*).

### **Ang homeowner's grant at ang additional grant**

(Homeowner's grant and the additional grant)

Ang *provincial homeowner's grant* ay nagpapababa ng halaga ng iyong *property taxes*. Upang matanggap ang tulong na ito, kinakailangan ang buwis na dapat bayaran ay mas mataas sa nakatakdang halaga.

Kung ikaw ay may edad na 65 at pataas, maaari mong mapababa ang halaga ng iyong *property tax* kung sa halip na humingi ng *provincial homeowner's grant*, ikaw ay humingi ng tinatawag na *additional grant*. Para makatanggap ng alin man sa

dalawang tulong na ito, taon-taon mag *apply* kailangan punan ang sa likod ng *property tax notice* na iyong natatanggap taon-taon.

### **Palugid na panahon o ekstensiyon para sa pagbayad ng mga *property tax***

(Waiting to pay property taxes)

Kung hindi mo kayang magbayad ng mga *property tax* sa takdang araw o petsa, maaaring humiling ng palugid na panahon o ekstensiyon (*defer* o *wait to pay*) bago bayaran ang mga ito. Kailangan itong gawin bago ang takdang araw o petsa ng pagbabayad ng *property tax*, kadalasan sa buwan ng Hulyo. Magtungo lamang sa *city hall* o *municipal building* sa inyong lugar at ipagtanong ang *property tax department*. Maaari nila kayong tulungan sa pagpuno ng *form*. Maaari ding kunin ang aplikasyon sa paraang online sa [www.rev.gov.bc.ca](http://www.rev.gov.bc.ca).

Kinakailangang punan ang aplikasyon na ito taon-taon para sa karagdagang pag-*defer* ng pagbabayad ng mga *property tax*.

Kung sakaling ipagbili mo ang iyong tahanan, kakailanganing magbayad ng buong halaga ng mga *property tax* na hindi mo pa nabayaran. Kalkip na rin dito ang simpleng tubo (*simple interest*) sa halagang ito.

### **Pagpapaganda o pagpapa-ayos ng bahay**

(Home improvement)

Maaari kang makakuha ng tulong para sa pagpapa-ayos at pagpapaganda ng iyong tahanan kung ikaw ay may karamdaman o kapansanan. Ang *Canada Mortgage and Housing Corporation* ay isang ahensiya ng gobyerno na may dalawa programa — *Home Adaptations for Seniors' Independence* at ang *Residential Rehabilitation Assistance Program* — na maaaring makapagbigay ng pautang para sa pagpapa-ayos at pagpapaganda ng iyong tahanan.

Kung ang iyong kita ay mas mababa sa nakatakdang halaga, maaari pang hindi mo na kailangang bayaran ang halagang ipinutang sa iyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang ito, makipag-ugnay sa pinakamalapit na tanggapan ng *Canada Mortgage and Housing Corporation*. Tingnan sa pahina 22 kung paano.

### **Mga kasunduan ukol sa pangangalaga**

(Care agreements)

Ang kasunduan ukol sa pangangalaga o *care agreement* ay isang kasulatan na nagbibigay-pahintulot sa iyong ipamigay ang iyong pag-aari (tulad ng iyong tahanan) sa ibang tao upang kanilang ipangakong ikaw ay kanilang aalagaan at tutustusan.

Nakasaad sa *care agreement* ang mga partikular na detalye na napagkasunduang gampanan ng aalagaan at ng tagapangalaga. Kadalasan, pumapasok sa mga *care agreement* ang mga *senior* sapagkat nais nilang manatili sa kanilang sariling tahanan ngunit kailangan nila ng tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Mahalagang nakasulat ang *care agreement*. Dapat kang sumangguni sa isang abogado at hingiin ang kanyang tulong sa pagsulat nito. Makinig ka sa payo ng abogado, lalo na patungkol sa epekto ng *care agreement* sa iyong mga karapatan at buwis.

### Ang reverse mortgage

May mga *senior* na nanghihiram ng pera mula sa halaga ng kanilang tahanan para ipang-tustos sa mga pagpapa-ayos ng bahay, paglalakbay o pagtulong sa mga kamag-anak. Ang tawag dito ay *reverse mortgage*.

**Babala:** Ang *reverse mortgage* ay hindi para sa lahat. Mahalagang humingi ng payo mula sa isang pinagkakatiwalaang abogado o *accountant* bago pumasok sa ganitong uri ng mortgage. Maaring magdala ito ng mga karagdagang gastos at *interest* nang hindi mo nalalaman.

## Transportasyon

(Transportation)

### Ang Bus Pass Program

Maaari kang magbayad ng mas mababang pamasahe (tinatawag na *concession fare*) sa mga *bus* kung maipapakita mo ang iyong *gold CareCard*.

Maaari ka ring bumili ng *bus pass* sa halagang \$45 para sa isa taong gamit kung ikaw ay tumatanggap ng *Old Age Security pension* at ng *Guaranteed Income Supplement*, ng *Allowance o Allowance for the Survivor*, o *welfare*. Tumingin sa pahina 24 para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa *Bus Pass Program*.

#### Paalala:

Maaari ka pa ring makabili ng *bus pass* sa halagang \$45 para sa isang taong gamit kahit na hindi ka tumatanggap ng GIS, kung ang tanging dahilan para dito ay hindi ka pa naninirahan sa Canada ayon sa nakatakdang tagal ng panahon.

### Ang HandyDART

Maaaring tumawag sa *HandyDART* ang mga nahihirapan lumakad, tumayo at kumilos. Ito ay isang natatanging serbisyo na tumutulong lamang sa mga hindi maaaring makasakay sa mga bus dulot ng lubhang kapinsalaan o

kapansanan. Maaaring makasakay sa mga sasakyang *HandyDART* ang mga kailangang gumamit ng *wheelchair*. Sa serbisyong ito, ikaw ay susunduin sa iyong tahanan, ihahatid sa iyong kailangang puntahan at iuuwi muli.

Ang bayad sa *HandyDART* ay pareho sa pamasahe sa *regular* na *bus* — mula \$2 hanggang \$5, depende sa destinasyon. Kailangang hingiin ang serbisyong ito, at kailangan ding tumawag para magpatala bago ang takdang araw/oras ng iyong pagpapasundo (tumingin sa pahina 24 para sa *telephone number*).

## Ang Serbisyong Hatid-Pagkain

(Meals on Wheels)

May mga *senior* na hirap nang mamili at magluto para sa kanilang mga sarili. May ilan ring hindi maka-alis ng bahay dahil may ibang taong inaalagaan. Makakatulong dito ang programang Serbisyong Hatid-Pagkain (*Meals on Wheels*). Sa maliit na halaga, ikaw ay dadalhan ng pagkain sa iyong tahanan araw-araw. May mga beterano pa ngang maaaring makatanggap ng pagkaing libre.

Maaaring humingi ng mga *special meal* para sa mga *special diet*, o magpadala ng tinapay o kanin. Para sa karagdagang impormasyon o para magpalista, hanapin sa *phone book* ang “*Meals on Wheels*.”

Maaari ding ipagtanong ito sa mga ospital, *health clinic*, *seniors' centre*, o sa pampublikong aklatan (*public library*).

## Paghahanda para sa Kinabukasan

(Planning for the Future)

### Pakikipagkasunduan

(Making agreements)

May iba't ibang paraan ng paghahanda para masigurong maisaalang-alang at masunod ang iyong mga kahilingan pagdating ng panahon.

Maaari mong ihirang ang isang tao bilang tagapangasiwa ng iyong mga transaksiyong legal at pinansiyal. Ikaw ay pipirma ng isang kasulatang nagbibigay ng *power of attorney* sa isang taong iyong pinagkakatiwalaan. Ang taong ito (na tinatawag na iyong “*attorney*”) ay siya ring maaaring mamahala sa iyong pangangalakal sa bangko kung hindi mo na ito kayang gawing mag-isa. Mag-ingat sa pagbibigay ng *power of attorney* sa ibang tao. Maaari mong itigil ang kasunduang ito habang ikaw ay nakakapag-isip at nakakapag-desisyon pang mag-isa. Siguraduhing itago ang orihinal na kasulatan, at magbigay lamang ng kopya o *duplicate copy*

sa iyong abogado o sa iba pang pinagkakatiwalaan mo (tulad ng isang kamag-anak).

Maaari ka ring magkaroon ng *power of attorney* na nagpapatuloy hanggang sa pagdating ng panahon na dahil sa sakit o aksidente ay hindi mo na kayang mag-desisyong mag-isa. Ang tawag dito ay *enduring power of attorney*. Magtatapos ang iyong *power of attorney* sa iyong pagpanaw, at isasaad sa iyong huling testamento o *will* kung ano ang gagawin sa iyong mga ari-arian. (Ipagpatuloy ang pagbabasa para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga *will*.)

Isa pang paraan ng paghahanda para sa kinabukasan ay sa pamamagitan ng isang *representation agreement*. Dito, ikaw ay nagtatakda ng isang kinatawan (*representative*) na siyang mamamahala sa pangangalaga ng iyong kalusugan, personal na kapakanan at iba pang transaksyon sakaling dumating ang panahong hindi mo na kayang gawing mag-isa ang mga ito. Dapat mong ipaalam sa iyong kinatawan ang iyong mga kahilingan para ilakip at isulat ang mga ito sa isang kasunduan (*agreement*).

Maaari ka ring magtakda ng isang bantay (*monitor*) upang masigurong karapat-dapat at maayos na tinutupad ng iyong kinatawan ang inyong kasunduan.

Mainam na sumangguni sa isang abogado o ibang tagapayo

tungkol sa mga bagay na ito. Makapagbibigay ng karagdagang impormasyon ang *Representation Agreement Resource Centre*, ang *Office of the Public Guardian and Trustee*, at ang *BC Coalition to Eliminate Abuse of Seniors* (BC CEAS). Tumingin sa pahina 22 at pahina 23 para sa paraan ng pakiki-pag-ugnay sa kanila.

## Pagtatapos ng mga kasunduan

(Ending agreements)

Ang karapatang ikaw ang nagbigay, maaari mo ring alisin. Kung nais mong tapusin o bawiin (*revoke*) ang isang *representation agreement*, isang *power of attorney*, o isang *enduring power of attorney*:

- Sumulat ka sa taong naging iyong “*attorney*” o kinatawan upang isaad ang pagtatapos ng inyong kasunduan.
- Bigyan mo ng kopya ng sulat na ito ang iyong doktor, bangko o *credit union*, at sino pa mang naging bahagi ng mga transaksyong pinamahalaan ng iyong *attorney* o kinatawan. Gawin ito sa agarang paraan.

## Mga huling testamento

(Wills)

Ang huling testamento o *will* ang siyang nagsasaad ng iyong mga naisin para sa iyong mga ari-arian sa iyong pagpanaw. Kabilang dito ang iyong mga pag-aari, tulad

ng salapi, pera sa bangko, mga *investment*, sasakyan, negosyo at lupain o bahay (*real estate*).

Siguraduhing ikaw ay gumawa ng will, kahit ano pa man ang iyong mga ari-arian. Kadalasan, hindi gaanong malaki ang gagastusin sa paggawa ng *will*. Mainam na kumuha ng isang abogado o *notary public* na inirekomenda ng isang kaibigan. Pagkasunduan ninyo nang maaga kung ano ang halagang ibabayad sa abogado o *notary public*. Maaari ding makipag-usap ka sa ilang abogado o *notary public* hanggang mahanap mo ang may pinakamaliit na singil.

Itago ang orihinal na *will* sa lugar na walang peligro. Ipagbigay-alam sa mga magmamana ng iyong mga ari-arian ang pinagkakataguan nito. Bigyan ng kopya ang taong hinirang na *executor* (ang taong naatasang tuparin ang mga nakasaad sa iyong *will*).

## Proteksiyon laban sa Pang-aabuso

(Protection from Abuse)

Minsan, ang mga nakatatanda ay nama-maltrato ng mga mismong taong naatasang pangalagaan sila. Walang dapat mabuhay nang inaabuso ng kahit sino. May mga

batas dito sa Canada para ikaw ay bigyang proteksiyon laban dito.

Ilang halimbawa ng pang-aabuso ay:

- pisikal na pang-aabuso (pananakit, pamamalo, panunulak, pamimilit sa pag-inom ng gamot, o hindi pagbibigay ng gamot)
- pang-aabuso sa pag-iisip at pananalita (kadalasan ito’y pang-iinsulto o pananakot)
- pang-aabusong pinansiyal (pagnanakaw, pamimilit na pumirma ng mga tseke, hindi pagbibigay sa iyo ng sarili mong pera)
- pagpapabaya (pag-iwan sa iyo nang mag-isa at walang sapat na pangangalaga)
- pang-aabusong sekswal (paghawak sa maselang bahagi ng katawan o pagtatalik na hindi mo ginusto)

Minsan, sariling anak, asawa, kapitbahay o tagapangalaga (*caregiver*) ang mismong gumagawa ng pang-aabuso. Ipagpatuloy ang pagbabasa para malaman kung saan at paano makahihingi ng tulong para dito.

## Paghingi ng tulong

(Getting help)

Kung ikaw o isang kakilala ay nangangailangan ng tulong, dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Tumawag sa 911 at makipag-usap sa pulisya kung ikaw ay

nalalagay sa kapahamakan. Kung hindi mo kayang makipag-usap sa wikang Ingles, sabihin lamang ang “Tagalog” pagkasagot ng tawag mo. Pagkatapos, sabihin ang “Police,” “Fire,” o “Ambulance” sa wikang Ingles, para ipaalam kung uri ng tulong ang kailangan mo ay manggagaling ba sa pulisya, sa bombero, o sa mga paramediko. Maghintay lamang sa telepono hanggang ikaw ay kausapin ng tagasalin o *interpreter*.

- Makipag-usap sa isang *community worker* (tumingin sa pahina 25).
- Makipag-usap sa isang *seniors’ counsellor* (tumingin sa pahina 25).
- Makipag-usap sa isang kinatawan ng BC CEAS (tumingin sa pahina 22).
- Makipag-usap sa iyong doktor.

**Paalala:**

Mayroong uri ng tulong na maaari mong matanggap kung kinakailangan mong lisanin ang iyong tahanan para makaligtas sa pang-aabuso. Maaari kang mabigyan ng pansamantalang tirahan o di kaya’y mabigyan agad ng *welfare* para ikaw ay makapangupahan ng iyong tirahan. Kakailanganing humingi ng *immediate needs assessment* mula sa tanggapan ng *welfare* para dito. Makipag-usap sa isang *community worker* kung kailangan mo ng ganitong uri ng tulong.

## Pagtulong sa iba

(Helping others)

May mga nakatatandang hindi kayang humingi ng tulong para sa kanilang sarili dala ng kanilang pagkukulang sa pisikal o mental na kakayahan. Tumawag sa *health authority* o *mental health department* sa inyong lugar kung ikaw ay may kakilalang inaabuso o pinapabayaang (tumingin sa pahina 21).

Para tulungan ang isang nakatira sa isang *seniors’ care home*, tumawag sa isang *licensing officer* (taong maaaring magbigay at bumawi ng lisensiya ng isang *care home* ayon sa wasto o di-wastong palakad nito) o sa isang *mental health worker*. Maaaring tawagan ang mga ito sa *Health and Seniors’ Information Line* (tumingin sa pahina 24 para sa kanilang *telephone number*).

Maaaring makatulong ang *Office of the Public Guardian and Trustee* kung ang isang nakatatanda ay pinagnanakawan o hindi binibigyan ng sarili niyang pera. Tumingin sa pahina 22 para sa paraan ng pakikipag-ugnay sa kanila.

Ang BC CEAS ay maaari ding makatulong sa alin man sa mga suliraning ito. (Tumingin sa pahina 22 para sa kanilang *telephone number*).

## Mga karapatan at pansanggalang ng mamimili

(Consumer rights and protections)

Minsan, mayroong mga manlolokong nais linlangin ang mga nakatatanda, lalo na kung patungkol sa kanilang salapi. Ang mga taong ito'y maaaring magpanggap na may ipinagbibili, o di kaya'y mag-alok ng pagkakataong manalo ng pera (gaya ng sa loteriya) o kumita ng pera (sa pamamagitan ng mga *investment*). Maaari din silang magpanggap na kinatawan ng mga tanggapang kilala mo na, tulad ng iyong bangko. Ang nais lang naman matala nila ay ang iyong personal na impormasyon at ang iyong pera.

Panatilihing nakatago at ligtas sa peligro ang mga sumusunod na impormasyon sa lahat ng panahon:

- *Social Insurance Number* (SIN)
- mga numero ng *credit card*
- mga *PIN number*
- ang araw ng iyong kapanganakan
- ang numero ng iyong *bank account* (nakasulat din ito sa iyong mga tseke)
- and apelyido ng iyong ina sa kanyang pagkadalaga (*mother's maiden name*)

Maaaring matagpuan ng mga manloloko ang mga impormasyong ito sa iyong basura, sa *mailbox*,

sa mga resibong itinapon sa pampublikong basurahan, o sa pagnanakaw ng iyong pitaka. Sa maling kamay, maaaring gamitin ang impormasyong ito para ikaw ay pagnakawan. Kinakailangang pagkaingatan ang kinalalagyan ng mga impormasyong ito.

Dapat ding mag-ingat sa mga taong dumadalaw sa iyong tahanan, tumatawag sa telepono o sumusulat sa iyo upang manghingi ng pera — kahit na maliit na halaga lamang. Huwag na huwag ipamigay ang mga mahahalagang numero sa telepono — maliban na lamang kung ikaw ang tumawag sa iyong kausap. Tandaan na hindi hihingiin ng bangko o kumpanya ng *credit card* ang impormasyong ito sa iyo sapagkat ito ay nasa talaan na nila.

Kung pinangangambahan mong ikaw ay pinagnanakawan, ipagbigay-alam agad sa pulis.

Kung may problema sa mga binayaran mong produkto o serbisyo na mali, sira o hindi mo natanggap, makipag-ugnay sa *Business Practices and Consumer Protection Authority of BC*. Tumingin sa pahina 24 para malaman kung paano.

# Paghahanap ng Tagasalin

(Finding an Interpreter)

---

Sa iyong pagdulog sa iba't ibang tanggapan upang humingi ng mga benepisyo at serbisyo, maaari kang magpasama sa isang makakatulong sa iyong makipagtalastasan sa wikang Ingles (isang tagasalin o *interpreter*). Ang mga sumusunod na ahensiya ay may mga *interpreter*. Maaaring may bayad ang serbisyong ito sa ilan sa kanila.

## Abbotsford

Abbotsford Community  
Services Society  
(604) 859-7681

## Campbell River

Campbell River and Area Multicultural  
and Immigrant Services Association  
(250) 830-0171

## Chilliwack

Chilliwack Community Services  
(604) 792-4267

## Coquitlam

ISS (Immigrant Services Society)  
(604) 942-1777

## Kamloops

Kamloops Cariboo Regional  
Immigrant Services Society  
(250) 372-0855

## Kelowna

Kelowna Community Resources  
(250) 763-8058

## Langley

Langley Community Services  
Society  
(604) 534-7921

## Mission

Mission Community Services  
Society (Multicultural Services  
Department)  
(604) 826-3634

## New Westminster

MOSAIC  
(604) 254-8022

## Surrey

DIVERSEcity Community  
Resources Society  
(604) 597-1358

## Vancouver

MOSAIC  
(604) 254-8022  
MHHS (Multicultural Helping  
House Society)  
(604) 879-3277

SUCCESS (Pender Service Centre)  
(604) 684-1628

## Victoria

Bayanihan Community Centre  
(250) 472-1898

# Mapagkukuhanan ng Tulong

(Where to Get Help)

---

Narito ang mga *telephone number* at iba pang impormasyon para sa pakikipag-ugnay sa mga tanggapan at ahensiyang nabanggit sa aklat na ito. Ang mga serbisyo sa mga tanggapan at ahensiyang ito ay sa wikang Ingles, maliban doon sa mga bumabanggit ng ibang wika. Maaari kang humingi ng tulong sa isang *community worker* o *interpreter* sa pakikipag-usap sa kanila, kung kailangan. (Tumingin sa pahina 25 at 20 para makahanap ng *community worker* o *interpreter*).

## Alagang pangkalusugan

(Healthcare)

### BC NurseLine

Maaaring makipag-usap sa isang *registered nurse* ano mang oras sa araw o gabi. Mayroon ding parmasyutika o *pharmacist* upang sagutin ang iyong mga katanungan mula 5:00 p.m. ng hapon hanggang 9:00 a.m. ng araw. Mayroong mga *interpreter* sa higit sa 100 wika.

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 215-4700

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-866-215-4700 (libreng tawag)

## Mga lokal na tanggapan pangkalusugan/*Health and Seniors' Information Line*

(Local health authorities/*Health and Seniors' Information Line*)

Tumingin sa mga asul na pahina ng *phone book*, sa ilalim ng "*Health Authorities — Home Health*" o di kaya'y tumawag sa *Health and Seniors' Information Line* sa 1-800-465-4911 (libreng tawag), at ipagtanong ang *health unit* o *mental health department* sa inyong lugar. Mayroong mga *interpreter*.

### Medical Services Plan (MSP) Call Centre

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 683-7151

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-800-663-7100 (libreng tawag)

*Website*:

[www.healthservices.gov.bc.ca/msp](http://www.healthservices.gov.bc.ca/msp)

### PharmaCare

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 683-7151

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-800-663-7100 (libreng tawag)

Pagkasagot ng iyong tawag, sabihin lamang ang "*PharmaCare*" (sa wikang Ingles). Magpatulong sa tawag na ito kung mahirap para sa iyo ang makipag-usap sa wikang Ingles.

*Website* (para sa pangkalahatang impormasyon):

[www.healthservices.gov.bc.ca/pharme](http://www.healthservices.gov.bc.ca/pharme)

*Website* (para sa pagpapatala sa programa):  
<https://pharmacare.moh.hnet.bc.ca>

## **Pabahay**

(Housing)

### **BC Housing/Shelter Aid for Elderly Renters (SAFER)**

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 433-2218

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-800-257-7756 (libreng tawag)

*Website*: [www.bchousing.org](http://www.bchousing.org)

### **Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC)**

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 731-5733

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-800-639-3938 (libreng tawag)

*Website*: [www.cmhc-schl.gc.ca](http://www.cmhc-schl.gc.ca)

### **Seniors Services Society**

*Telephone*: (604) 520-6621

*Fax*: (604) 520-1798

*E-mail*: [info@seniorshousing.bc.ca](mailto:info@seniorshousing.bc.ca)

*Website*: [www.seniorshousing.bc.ca](http://www.seniorshousing.bc.ca)

## **Pagdayo**

(Immigration)

### **Citizenship and Immigration Canada (CIC)**

*Telephone*: 1-888-242-2100 (libreng tawag)

*Website*: [www.cic.gc.ca](http://www.cic.gc.ca)

## **Paghahanda para sa kinabukasan**

(Planning for the future)

### **BC Coalition to Eliminate Abuse of Seniors (BC CEAS)**

Ang *Legal Advocacy Program* ng BC CEAS ay nagbibigay ng impormasyong legal, mga *referral* at *legal advocacy* para sa mga senior at mga taong tumutulong sa mga *senior*.

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 437-1940

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-866-437-1940 (libreng tawag)

*E-mail*: [ceas@telus.net](mailto:ceas@telus.net)

*Website*: [www.bcceas.ca](http://www.bcceas.ca)

### **Office of the Public Guardian and Trustee**

*Telephone*: (604) 660-4444

Para makatawg ng libre mula sa labas ng *Lower Mainland*, tumawag sa *Enquiry BC* sa 1-800-663-7867, at hilinging mai-konekta sa numero ng *Public Guardian* sa itaas.

*Fax*: (604) 660-0374

*Website*: [www.trustee.bc.ca](http://www.trustee.bc.ca)

## **Representation Agreement Resource Centre**

Ang *Representation Agreement Resource Centre* ay nagbibigay ng impormasyon, edukasyon at pag-alalay sa mga nais gumawa at gumamit ng mga *representation agreement*.

*Telephone:* (604) 408-7414

*Fax:* (604) 801-5506

*E-mail:* info@rarc.ca

*Website:* www.rarc.ca

## **Mga programang paniguro sa kita**

(Income security programs)

### **Income assistance/welfare**

Bago magpadala ng aplikasyon para sa *welfare*, sumangguni muna sa isang *community worker* — tinatawag ding *advocate* — na nakarurunong tungkol sa *welfare*.

Para makahanap ng *advocate* sa paraang *online*, pumunta sa *website* ng PovNet: www.povnet.org. Pindutin ang “Find an Advocate” para sa mga *telephone number* ng mga *advocate* sa inyong lugar. Maaari ka hing humingi ng tulong sa inyong *librarian* sa pagbabasa ng *website* na ito.

Para makipag-ugnay sa *Ministry of Employment and Income Assistance*, tumingin sa mga asul na pahina ng *phone book*, sa ilalim ng “*British Columbia — Human Resources-Ministry of — Employment and Assistance Centres.*”

## **Senior’s Supplement Line**

*Telephone:* 1-866-866-0800  
(libreng tawag)

Pagkasagot ng iyong tawag, pindutin ang 4, pagkatapos ang 1.

## **Service Canada (Old Age Security programs at ang Canada Pension Plan)**

Ang mga programang paniguro sa kita o *Old Age Security programs* (OAS, GIS, *Allowance*, at *Allowance for the Survivor*) at ang *Canada Pension Plan* ay pinamamahalaan ng tanggapan ng gobyerno na tinatawag na *Service Canada*. Maaari silang tawagan sa mga sumusunod na numero:

*Telephone:* 1-800-277-9914  
(libreng tawag)

*Website:* www.servicecanada.gc.ca

## **Proteksiyon laban sa pang-aabuso**

(Protection from abuse)

### **BC CEAS**

Tingnan sa itaas, pahina 22, sa ilalim ng “Paghahanda para sa kinabukasan.”

## **Business Practices and Consumer Protection Authority of BC**

*Telephone:*

1-888-564-9963 (libreng tawag)

*Website:* [www.bpcpa.ca](http://www.bpcpa.ca)

## **Health and Seniors' Information Line**

Makipag-usap sa isang *mental health worker* o *licensing officer* kung nais mong isumbong ang pang-aabusong nagaganap sa isang *seniors' care home*.

*Telephone:*

1-800-465-4911 (libreng tawag)

Mayroong mga *interpreter* sa maraming iba't ibang wika.

## **Office of the Public Guardian and Trustee**

Tingnan sa itaas, pahina 22, sa ilalim ng "Paghahanda para sa kinabukasan."

## **VictimLink**

Kung ikaw ay naaabuso at kailangan mo ng tulong, tumawag sa kahit na anong oras sa araw o gabi.

*Telephone:*

1-800-563-0808 (libreng tawag)

*Website:* [www.bcifv.org/resources/commres.shtml](http://www.bcifv.org/resources/commres.shtml).

## **Transportasyon**

(Transportation)

### **Bus Pass Program**

*Telephone:*

1-866-866-0800 (libreng tawag)

Malalaman mo pagsagot ng tawag mo na ang iyong dinulugan ay ang *Ministry of Employment and Income Assistance*. Pindutin ang **4**, pagkatapos ang **3**.

### **HandyDART**

*Website:* [www.translink.bc.ca/Transportation\\_Services/Accessibility/handydart.asp](http://www.translink.bc.ca/Transportation_Services/Accessibility/handydart.asp)

**Burnaby, Coquitlam, Port Coquitlam, Port Moody, and New Westminster**  
(604) 524-3655

**Delta, Ladner, and Tsawwassen**  
(604) 596-1777

**Langley, South Surrey, and White Rock**  
(604) 575-6600

**North and West Vancouver**  
(604) 980-3691

**Pitt Meadows and Maple Ridge**  
(604) 462-8522

**Richmond**  
(604) 279-7090

**Surrey**  
(604) 575-6600

**Vancouver**  
(604) 430-2692

**Victoria**  
(250) 727-9607

# Paghahanap ng Isang Community Worker

(How to Find a Community Worker)

---

Marami nang komunidad sa probinsiya ang may sapat na impormasyon, mga *referral centre*, *seniors' centre* at mga *seniors' one-stop information line*. Karamihan sa mga tanggapaning ito ay may mga katulong na nakapagsasalita ng Tagalog.

## Mga ahensiyang naglilingkod sa mga dayo

(Immigrant-serving agencies)

Ang mga ahensiyang ito ay tumutulong sa mga bagong-salta sa British Columbia. Maaari silang magbigay ng mga klase sa *English as a second language* (ESL) o magbigay ng mga *interpreter* o *advocate*.

### North Vancouver

North Shore Multicultural Society  
(604) 988-2931

### Surrey

OPTIONS: Services to Communities Society  
(604) 596-4321

PICS (Progressive Inter-Cultural Community Services Society)  
(604) 596-7722

### SUCCESS

(Surrey-Delta Service Centre)  
(604) 588-6869

### Vancouver

ISS (Immigrant Services Society of British Columbia)  
(604) 684-7498

MHHS (Multicultural Helping House Society)  
(604) 879-3277

### Victoria

Bayanihan Community Centre  
(250) 472-1898

## BC CEAS

Tingnan ang detalye sa ilalim ng “Paghahanda para sa kinabukasan,” sa pahina 22.

## Seniors' counsellors

Ang mga *seniors' counsellor* ay mga boluntaryong pinamamahalaan ng mga *health authority* o *community service organization*. Sa iba pang bahagi ng British Columbia, ipagtanong sa *health authority* sa inyong lugar. Tumingin sa mga asul na pahina ng *phone book*, sa ilalim ng “*Health Authorities*” (sa gitna ng “*British Columbia*” at “*Local & Regional Governments*”).

# Paghahanap ng Tulong at Impormasyong Legal

(How to Find Legal Help and Information)

---

## BC CEAS

Tingnan ang detalye sa ilalim ng “Paghahanda para sa kinabukasan,” sa pahina 22.

## Legal Services Society

Ang *Legal Services Society of BC* (LSS) ay nagbibigay ng libreng tulong sa mga pangangailangang legal para sa may mga maliit ang kita (tinatawag na *legal aid*). Ang tulong na ito ay maaaring impormasyong legal, payo at representasyon (ng isang abogado). Ang ilan sa mga serbisyong ito ay ipinapaliwanag sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [www.lss.bc.ca](http://www.lss.bc.ca).

## Mga serbisyo ukol sa impormasyon at payong legal

(Legal information and advice services)

### Mga serbisyo ng *duty counsel*

(Duty counsel services)

Nakapagbibigay ang LSS ng mga abogado (tinatawag na *duty counsel*) sa mga *provincial court* at lang *supreme court*. Tinutulungan nila ang mga taong may mga kasong

kriminal, pampamilya o tungkol sa imigrasyon, ngunit walang mga sariling abogado. Nagbibigay ang *duty counsel* ng mga payong legal tungkol sa mga karapatan, mga desisyon, at impormasyon tungkol sa mga proseso sa korte. Maaari din silang maging kinatawan sa korte para sa ilang mga bagay. Para malaman ang iba pang mga serbisyo, tumawag sa *LSS Call Centre* (tumingin sa ibaba para sa *telephone number*) o di kaya’y pumunta sa [www.lss.bc.ca](http://www.lss.bc.ca).

## Ang LawLINE

Ang *LawLINE* ay isang libreng serbisyo sa telepono na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyong legal at mga *referral* sa iba pang mapagkukuhanan ng tulong. Kung maliit ang iyong kita, maaari ka ring makahingi ng libreng payo mula sa isang abogado o *paralegal*.

Maaari kang humingi ng *interpreter* pagkasagot ng tawag mo. Sabihin lamang ang “Tagalog” at maghintay sandali hanggang sumagot ang *interpreter*.

Sa loob ng *Lower Mainland*:

(604) 408-2172

Sa labas ng *Lower Mainland*:

1-866-577-2525 (libreng tawag)

Oras ng pagbubukas: alas 9:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon, Lunes, Martes, Huwebes, at Biyernes

Alas 9:00 ng umaga hanggang alas 2:30 ng hapon, Miyerkoles

### **Ang LawLINK**

Ang *LawLINK* ([www.lawlink.bc.ca](http://www.lawlink.bc.ca)) ay tumutulong sa paghahanap ng impormasyong legal sa *Internet*. Ito ay may impormasyon (sa wikang Ingles lamang) sa mga paksang ukol sa batas, kabilang na ang mga *pension* at mga benepisyo, mga *will* at mga *trust*, pabahay, at batas ukol sa pamilya. Maaaring basahin ang *website* sa bahay o sa pampublikong aklatan.

### **Ang legal information outreach workers**

Ang *legal information outreach workers* (LIOWs) ay mga *staff member* sa mga *regional centre* ng LSS. Tumutulong silang makahanap ng impormasyon at tulong sa *Internet*. Nagbibigay din ang LIOWs ng mga libreng aklat upang masagot ang inyong mga katanungan. Ituturo ka din nila sa iba pang tao o tanggapan kung saan may impormasyon o tulong para sa iyong problema.

### **Mga paglalathala ng LSS**

(LSS publications)

Ang *Legal Services Society* ay may mga aklat at iba pang paglalathala tungkol sa maraming mga paksang ukol sa batas. Karamihan sa mga paglalathalang ito ay matatagpuan din sa paraang *online*. Para magkaroon ng kopya ng mga ito, o para sa karagdagan pang impormasyon, makipag-ugnay lamang sa:

Legal Services Society  
400 – 510 Burrard Street  
Vancouver, BC V6C 3A8

*Telephone:* (604) 601-6075

*Fax:* (604) 682-0965

*E-mail:* [distribution@lss.bc.ca](mailto:distribution@lss.bc.ca)

*Website:* [www.lss.bc.ca](http://www.lss.bc.ca)

### **Representasyong legal/ LSS Call Centre**

(Legal representation)

Ang mga taong may grabeng suliranin sa batas kriminal o patungkol, sa batas ukol sa pamilya, o humihingi ng *refugee status*, at hindi kayang magbayad ng sariling abogado ay maaaring mabigyan ng libreng representasyon (abogado para sa kanilang kaso) mula sa LSS.

Para malaman kung maaari kang mabigyan ng libreng abogado, tumawag sa *LSS Call Centre*:

Sa loob ng *Lower Mainland*:  
(604) 408-2172

Sa labas ng *Lower Mainland*:  
1-866-577-2525 (libreng tawag)

Maaari kang humingi ng *interpreter* pagkasagot ng tawag mo. Sabihin lamang ang “Tagalog” at maghintay sandali hanggang sumagot ang *interpreter*.

# Talasalitaan

(Glossary)

---

## **asawa** (*spouse*)

Para sa paghingi ng mga benepisyo, ang “asawa” o *spouse* ay maaaring ang taong kaugnay sa iyo sa pamamagitan ng bisa ng legal na kasal, o isang taong kasama mong naninirahan sa iisang tahanan sa loob ng isang taon (pinakamababa) sa isang relasyong katulad din ng isang binibigyang bisa ng legal na kasal (*common-law relationship*). Dito sa Canada, ang iyong asawa ay maaaring katulad mo ng kasarian.

## **benepisyo** (*benefits*)

Tulong mula sa gobyerno — kadalasan pinansyal o pera — na ayon sa batas ay karapatan mong matanggap kung matupad mo ang mga nakatakdang tuntunin.

## **Canada Pension Plan** (CPP)

Ang programang ito ay nakapagbibigay ng iba’t ibang benepisyo, kabilang na ang pensiyon para sa pag-retiro (*retirement pension*).

## **Citizenship and Immigration**

### **Canada** (CIC)

Ang tanggapan kung saan dumudulog para sa pagiging permanenteng residente, makakuha ng *refugee status*, at *citizenship*.

## **Garantisadong Karagdagang Kita**

(*Guaranteed Income Supplement – GIS*)

Karagdagang buwanang benepisyo para sa mga *senior* na tumatanggap ng *Old Age Security pension* at maliit ang kita.

## **idulog** (*apply*)

Paghingi ng isang benepisyo o serbisyo mula sa tanggapang nakapagbibigay nito, kadalasan sa pamamagitan ng pagpuno ng *application form* o pakikipag-usap sa isang kinatawan ng tanggapang iyon.

## **international social security agreement**

Isang kasunduan sa pagitan ng Canada at maraming iba’t ibang bansa. Kung ikaw at/o ang iyong asawa ay nakapagtrabaho sa alin man sa mga bansang nakipagkasundo sa Canada, maaari kang makatanggap ng mga benepisyo mula sa bansang iyon, o sa Canada, o sa parehong bansa.

## **Karagdagang Tulong para sa mga Senior** (*Senior’s Supplement*)

Isang benepisyo na binibigay ng probinsiya sa mga karapat-dapat na residente ng BC na may edad na 65 at pataas at tumatanggap ng OAS, GIS, o ng *Allowance*. Ito ay binabayad kahit na hindi hinihingi (maituturing na *automatic*).

## **kita** (*income*)

Ang perang tinatanggap mula sa paghahanap-buhay o mula sa mga benepisyo.

**magpalista** (*register*)

Ang magbigay ng aplikasyon para humingi ng partikular na benepisyo o serbisyo.

**Medical Services Plan** (MSP)

ang programa ng gobyerno ng probinsiya ukol sa panigurong pangkalusugan (*health insurance*). Ang lahat ng residente ng British Columbia ay kinakailangang lumahok sa programang ito.

**Paniguro sa Panahon ng****Katandaan** (*Old Age Security – OAS*)

Kung ikaw ay may edad na 65 at pataas, at nakapanirahan na sa Canada sa nakatakdang tagal ng panahon, makatatanggap ka ng *Old Age Security pension*.

**Paniguro sa Trabaho**

(*Employment Insurance – EI*)

Binabayaran ng gobyerno ang benepisyong ito sa mga taong nawalan ng trabaho at tumutupad sa mga nakatakdang tuntunin.

**permanenteng residente**

(*permanent resident*)

Isang taong may karapatang manirahan at maghanap-buhay sa Canada nang pang-habangbuhay kung tinutupad niya ang mga nakatakdang tuntunin. (Ang mga *permanent resident* ay naunang tinawag na *landed immigrant*.)

**PharmaCare**

Isang programa ng gobyerno ng probinsiya na tumutulong sa pagtustos sa bayad sa mga gamot na may preskripsiyon (tinatawag ding *Fair PharmaCare*).

**power of attorney**

Isang kasulatang nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na siyang mangasiwa sa mga transaksiyong legal at pinansiyal (kasama ang pangangalakal sa bangko) ng isa pang tao.

**SAFER** (*Shelter Aid for Elderly Residents*)

Isang programang nagbibigay ng tulong na pera sa mga nangungupahan ng tahanan, na may edad na 60 at pataas at tumutupad sa mga nakatakdang tuntunin.

**serbisyo** (*services*)

Tulong mula sa iba't ibang mga ahensiya na maaari mong hingiin, ngunit hindi lahat ay matatanggap mo. Minsan, ang mga serbisyong ito ay tinutustusan ng gobyerno, ngunit kadalasan, ang mga ito ay ipinamimigay ng mga tanggapang independiyente at naglalayong makatulong.

**Service Canada**

Ang tanggapan o ahensiya ng gobyerno na namamahala sa maraming iba't ibang programa, katulad ng edukasyon, tulong sa pabahay, tulong sa kita, at pangdarayuhan o imigrasyon.

**Social Insurance Number** (SIN)

Ang numerong ito ay ibinibigay ng gobyerno ng Canada. Dapat pagkaingatan ang numerong ito. Madalas na kailangan ang SIN sa paglahok sa mga programa ng gobyerno.

**Sustento** (*Allowance*)

Pandagdag sa kita (karagdagang perang pantustos sa gastusin) para sa mga may edad na 60 hanggang 65 at may asawang tumatanggap ng *Guaranteed Income Supplement*. Kung ang asawa ay pumanaw na, maaari namang humingi ng Sustento para sa Asawang Nabubuhay (*Allowance for the Survivor*).

**tagasalin** (*interpreter*)

Isang taong nakapagsasalita ng higit sa isang wika. Maaari silang makatulong sa pakikipag-usap sa mga tanggapan ng gobyerno at ibang tanggapan kung saan Ingles lamang ang wikang ginagamit.

**tax return**

Isang *form* na bibibigay sa gobyerno para ipagbigay-alam ang halagang iyong kinita sa nakaraang taon. Nakasaad din dito ang halaga ng buwis na iyong binayaran o dapat pang bayaran. Mahalagang magbigay ng *tax return* taon-taon upang makatanggap ng mga benepisyo.

**tulong na kita** (*income assistance*)

Tinatawag ding *welfare*, ito ay tulong sa mga taong maliit o halos walang kitang pantustos sa pang-araw-araw na buhay.

# Iba pang paglalathala


(sa wikang Ingles lamang)

## **When I'm 64:** *A Guide to Benefits and Services for People Aged 60 and Over*

Ang aklat na ito ay madaling basahin at kakikitaan ng mga kasagutan sa apat na mahahalagang katanungan tungkol sa mga pensiyon ng gobyerno at sa mga benepisyong maaaring matanggap ng mga may edad na 60 at pataas. Ang mga katanungang ito ay: Paano ko malalaman kung nararapat akong tumanggap ng pensiyon o benepisyo? Paano ba idudulog at hihingiin ang pensyon o benepisyo? Ano ang halaga na aking matatanggap? Ano ang paraan ng pag-apila ng desisyong hindi ako sumasang-ayon? Kabilang sa mga benepisyong ito ang *Old Age Security pension*, ang *Guaranteed Income Supplement*, mga benepisyo mula sa *Canada Pension Plan*, at ang *welfare*. Matatagpuan din sa *When I'm 64* ang impormasyon tungkol sa *adult guardianship*, mga benepisyo at serbisyong pangkalusugan, at pabahay. Mayroon ding mga bahaging nakalaan sa mga mapagkukuhanan ng tulong, sa kaligtasan at kasiguruhan para sa mga *senior*, at sa pagsasa-ayos ng iba't ibang aspeto ng buhay.

Tingnan sa susunod na pahina ang paraan ng pagkuha ng kopya ng aklat na ito.

Maaari din itong makuha sa *website* ng LSS. Pumunta sa [www.lss.bc.ca](http://www.lss.bc.ca) at pindutin ang "*Our Publications – Seniors.*"



**Makakakuha ng libreng kopya ng aklat na ito at ng iba pang paglalathala sa:**

**Distribution**

**Legal Services Society  
400 – 510 Burrard Street  
Vancouver, BC V6C 3A8**

**Telephone: (604) 601-6075**

**Fax: (604) 682-0965**

**E-mail: [distribution@lss.bc.ca](mailto:distribution@lss.bc.ca)**

**Maaari din itong makuha sa anyong PDF mula sa website: [www.lss.bc.ca](http://www.lss.bc.ca).**

**Ang aklat na ito ay makukuha rin sa wikang Intsik, Ingles, Farsi, Pranses, Hapon, Koreyano, Punjabi, Espanyol, at Vietnamese.**

---

**This booklet will also be available in Chinese, English, Farsi, French, Japanese, Korean, Punjabi, Spanish, and Vietnamese.**